
# Ang Aking Tipan sa Binyag

**Ang tipan ay isang pangakong ginagawa natin sa Ama sa Langit. Magbasa tungkol sa tatlong bagay na ipinapangako nating gawin kapag bininyagan tayo. Pagkatapos ay isulat kung ano ang magagawa mo para matupad ang iyong tipan sa binyag!**

### Laging Aalalahanin si Jesucristo




Nang makita ni Elena na masungit ang iba sa isang tao, naisip niya kung ano ang gagawin ni Jesus.

**Paano ko maaalala si Jesus:**

*"Lagi siyang aalalahanin" (Moroni 4:3).*

### Sundin ang Kanyang mga Kautusan



Pinili ni James na hindi panoorin ang isang video na may masasamang pananalita at larawan.

**Isang kautusang maaari kong sundin:**

*"[Sundin] ang kanyang mga kautusan" (Moroni 4:3).*

### Taglayin sa Inyong Sarili ang Kanyang Pangalan

Sinabi ni Nana sa kanyang kaibigan na kabilang siya sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

**Ang ibig sabihin sa akin ng taglayin sa ating sarili ang Kanyang pangalan:**

*"Taglayin sa [inyong] sarili ang pangalan [ni Jesucristo]" (Moroni 4:3).*



## PAGTUPAD SA AKING TIPAN

Narito ang ilan pang mga paraan na maaari mong tuparin ang iyong tipan sa binyag.

### Tumulong sa mga Tao



Tinulungan ni Akio ang kanyang nakababatang kapatid na lalaki sa math homework nito.

**Sino ang maaari kong tulungan:**

*"Magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan" (Mosias 18:8).*

### Magsisi Kapag Nakakagawa Ka ng Mali



Matapos magsabi si Isa ng isang bagay na hindi maganda sa kanyang kapatid, nagdasal siya sa Ama sa Langit. Pagkatapos ay humingi siya ng tawad sa kanyang kapatid.

**Paano ako maaaring magsisi:**

*"Magsisi at isilang na muli" (Alma 5:49).*

### Aliwin ang Iba



Binisita ni Lucas ang kanyang kaibigan na namatayan ng lolo.

**Paano ko maaaring aliwin ang isang tao:**

*"Aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw" (Mosias 18:9).*

### ANG IYONG KUMPIRMASYON

Pagkatapos ng binyag mo ipapatong ng isang priesthood holder ang kanyang mga kamay sa iyong ulunan.

Pagtitibayin ka niya bilang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at babasbasan kang matanggap ang kaloob na Espiritu Santo (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 33:15).

### ANG IPINAPANGAKO SA IYO NG AMA SA LANGIT

Kapag bininyagan tayo at kinumpirma, pinangangakuan tayo ng Ama sa Langit na sa tuwina ay mapapasaatin ang Kanyang Espiritu. Tinutulungan tayo ng Espiritu Santo na madama ang pagmamahal, pag-aliw, at kapayapaan ng Diyos. Tinutulungan din Niya tayong madama na napatawad tayo kapag nagsisisi tayo.

Marami ka pang malalaman tungkol sa iyong tipan sa binyag sa pakikinig sa mga panalangin sa sakramento bawat linggo (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:77, 79).